# Ang sinumang nagsabi ng: Subḥāna -llāhi -l`aḏ̣īm wa-bi-ḥamdihi (Kaluwalhatian kay Allāh, ang Sukdulan, at kalakip ng papuri sa Kanya), may itatanim para sa kanya na isang punong datiles sa Paraiso."}

Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nagsabi ng: Subḥāna -llāhi -l`aḏ̣īm wa-bi-ḥamdihi (Kaluwalhatian kay Allāh, ang Sukdulan, at kalakip ng papuri sa Kanya), may itatanim para sa kanya na isang punong datiles sa Paraiso."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi ng: "Kaluwalhatian kay Allāh," at nagpapawalang-kapintasan ako sa Kanya, "ang Sukdulan," sa sarili Niya, mga katangian Niya, at mga gawa Niya, "at kalakip ng papuri sa Kanya," na nilalakipan ng pag-uugnay ng mga paglalarawan ng kalubusan sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya), may itutukod at itatanim para sa kanya na isang punong datiles sa lupain ng Paraiso sa bawat pagkakataong nagsasabi siya nito.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee